

Nangangahulugan ba na ang pagkakaroon ng kasamaan sa buhay ay nagpapahiwatig ng kawalan ng Diyos?

Ang pagtatanong tungkol sa pagkakaroon ng kasamaan sa mundong ito bilang dahilan upang itanggi ang pagkakaroon ng Diyos ay nagpapakita ng makitid na pananaw at kahinaan ng pag-iisip tungkol sa karunungan sa likod nito, at ang kakulangan ng kamalayan sa mga likas na bagay. Ang taong nagtatanong tungkol dito ay hindi man lang nauunawaan na ang kasamaan ay isang eksepsyon.

Kaya't bago tanungin ang tungkol sa karunungan ng pagkakaroon ng kasamaan, mas makatotohanang itanong ang tanong na 'Paano nagsimula ang kabutihan?'

Walang duda na ang pinaka-importanteng tanong ay ang dapat na unang itanong: Sino ang naglikha ng kabutihan? Dapat tayong magkasundo sa punto ng simula o ang orihinal na prinsipyo. Pagkatapos nito, maaari nating mahanap ang mga paliwanag para sa mga eksepsyon.

Naglalagay ang mga siyentipiko ng mga matatag at tiyak na batas para sa pisika, kimika, at biyolohiya sa simula, at pagkatapos ay pinag-aaralan ang mga eksepsyon at mga kakaibang kaso mula sa mga batas na ito. Gayundin, ang mga ateista ay hindi maaaring malampasan ang teorya ng pagkakaroon ng kasamaan hangga't hindi nila kinikilala muna ang pagkakaroon ng isang mundo na puno ng magaganda, maayos, at mabuting phenomena na walang katapusan.

Sa paghahambing ng mga panahon ng kalusugan at mga panahon ng sakit sa paglipas ng karaniwang haba ng buhay, o sa paghahambing ng mga dekada ng kasaganaan at kaunlaran laban sa mga panahon ng pagkawasak at kalamidad, gayundin ang mga siglo ng katahimikan ng kalikasan laban sa mga pagsabog ng bulkan at lindol, saan nagmula ang umiiral na kabutihan sa simula? Ang isang mundo na batay sa kaguluhan at pagkakataon ay hindi maaaring magresulta sa isang mabuting mundo.

Nakumpirma ito ng mga siyentipikong eksperimento. Ang ikalawang batas ng thermodynamics ay nagsasaad na ang kabuuang entropy (antas ng kaguluhan o randomness) sa isang nakahiwalay na sistema na walang anumang panlabas na epekto ay laging tataas, at ang prosesong ito ay hindi na mababago.

Ibig sabihin, ang mga organisadong bagay ay palaging magbabagsak at maglalaho maliban kung mayroong isang bagay mula sa labas na nag-aayos nito. Dahil dito, ang mga bulag na puwersa ng thermodynamics ay hindi maaaring lumikha ng anumang mabuti nang mag-isa, o maging mabuti sa malawak na saklaw tulad ng mga ito, kung walang isang manlilikha na nag-aayos ng mga random na phenomena na nagpapakita sa magagandang bagay tulad ng kagandahan, karunungan, kaligayahan, at pagmamahal. At ito'y pagkatapos lamang ng pagkumpirma na ang kabutihan ay ang patakaran at ang kasamaan ay eksepsyon. Na mayroong isang Diyos na may kapangyarihan, manlilikha, may-ari, at tagapamahala.

سؤال وجواب حول الإسلام

Source: <https://islam.contact/qa/tl/show/119/>

Arabic Source: <https://islam.contact/qa/ar/show/119/>

Wednesday 24th of June 2026 04:20:25 PM